

2 TUNGKOL SA PAARALAN NG JAPAN

(1) ANG SISTEMA NG EDUKASYON NG JAPAN

① Sistema ng Edukasyon sa Paaralan ng Japan

| | | | | | | | | | | | | | | | | | | | | |
|----------|---------------------------|-------------------------------------|---|---|---|---|---|-----------------------------|----|----|---------------------|----|----|------------|----|----|----|----|----|----|
| | Pasukan | Abril | | | | | | Abril | | | Abril | | | Abril | | | | | | |
| Edad | | | | | | | | | | | | | | | | | | | | |
| | | 4 | 5 | 6 | 7 | 8 | 9 | 10 | 11 | 12 | 13 | 14 | 15 | 16 | 17 | 18 | 19 | 20 | 21 | 22 |
| Paaralan | Kindergarten (Nursery) | Mababang Paaralan (6 na taon) | | | | | | Junior High Sch.(3 taon) | | | Senior High Sch. | | | Pamantasan | | | | | | |
| | | Kompulsaryong Edukasyon (9 na taon) | | | | | | | | | | | | | | | | | | |

- a. Ang kompulsaryong edukasyon ng Japan ay 9 na taon, magmula sa buwan ng Abril nang ang bata ay nasa 6 na taong gulang na hanggang buwan ng Marso nang ang bata ay nasa 15 taong gulang. Bago ang kompulsaryong edukasyon, karamihan ng mga bata ay pumapasok sa Kindergarten o Nursery. Higit sa 97% ng mga bata ay nag-aaral hanggang sa Senior high school. (tingnan sa →P 8)
- b. Ang paaralan ng Japan ay pinaghati sa 2 uri. Ang Pampublikong paaralan na itinatag ng pamahalaan ng bansa, prepektura at lungsod habang ang Pamribadong Paaralan ay itinayo ng mga pribadong samahan.
- c. Sa loob ng panahon ng kompulsaryong edukasyon (9 na taon) walang bayad ang pag-aaral sa Pampublikong mababang paaralan at Junior high school maliban na lamang sa iba' t ibang gastusin sa paaralan (kabilang na ang school lunch) kung saan kailangan ng bayad.
Gayon pa man, kailangan magbayad sa pag-aaral sa Pampublikong Kindergarten (nursery), Senior High school, Pamantasan at ang sa pag-aaral sa Pribadong paaralan.
- d. Sa mababang paaralan at Junior high school, nakatakda na ang paaralang papasukan sa bawat distrito.
 - ※ Ito ay tinatawag na school district.
 - ※ Hindi makakalipat sa ibang school district kung walang tanging kadahilanan.
- e. Sa mababang paaralan, ang nagtuturo ng halos lahat ng klase ay ang homeroom teacher.
sa Junior high school, ang nagtuturo ng klase ay ang subject teacher (nagtuturo ang gurong may espesyalisasyon sa subject).

Ang 1 taon ng sa Mababang paaralan at Junior high school sa Lungsod ng Shizuoka

| | | | | | | | | | | | |
|-----------------------------|---|---|---|-----------------|---|----|----------------|-----------------|--------------------------------|---|-----------------|
| Buwan | | | | | | | | | | | |
| 4 | 5 | 6 | 7 | 8 | 9 | 10 | 11 | 12 | 1 | 2 | 3 |
| Pasukan Pagtaas ng Grado | | | | Summer break | | | | Winter break | Pagtaas ng grado Graduation | | Spring break |
| Unang semestre | | | | | | | ika-2 semestre | | | | |

- f. Nagsisimula ang pag-aaral sa bagong grado mula sa buwan ng Abril at nagtatapos sa buwan ng Marso. May 2 semestre ng panahon ng pag-aaral sa mababang paaralan at Junior high school sa Lungsod ng Shizuoka, unang semester at ika-2 semestre. Sa loob ng unang semester ay may summer break. Ang unang semester ay hanggang sa kalagitnaan ng Oktubre. Makalipas nito, hanggang Marso ay ika-2 semestre at sa loob naman ng semestrong ito ay may winter break.
- g. Pagkatapos ng bawat semestre, nakakatanggap ng card ng marka ng pag-aaral ang bawat bata na ang tawag ay “tsuushinhyou”. Nakasulat sa card na ito ang kalagayan ng pag-aaral at asal ng bata sa loob ng paaralan. (Sa mababang paaralan) tinatasa sa 3 antas ang kalagayan ng pag-aaral at (junior high school) tinatasa ang kalagayan ng pag-aaral sa 5 antas. (tingnan sa p.28)

②Gastusin sa Paaralan

Walang bayad ang pag-aaral sa pampublikong mababang paaralan ngunit may iba't ibang gastusin sa paaralan kagaya ng sumusunod.

※Halimbawa ng mababang paaralan • junior high school, iba ang pangalan ng gastusin at halaga depende sa paaralan

| |
|--|
| PTA membership fee- panggastos para sa gawain ng mga magulang sa bawat Paaralan para sa komite ng pag-aayos ng kapaligiran, komite ng edukasyon sa kalusugan, at komite ng adult education. |
| Grade fee - para sa gastos sa gamit ng pagtuturo sa mga mag-aaral |
| Pupils Organization fee (mababang paaralan). Students organization fee (junior high school - panggastos para sa mga gawain ng komite ng mga bata (komite ng pananim, komite ng bulletin at iba pa) |
| School lunch fee - bayad para sa pananghalian ng mga bata. |
| Savings ng Grado - iniipong halaga para sa panggastos sa study tours at excursion. [Paraan ng pagkolekta] |

Depende sa Paaralan. 2 uri ng pamamaraan ng pagkolekta, maraming paaralan ang gumagawa ng kahit alin sa bawat pamamaraan.

- Bank transfer sa itinakdang bank account number ng paaralan. - Kinukuha sa banko ang halaga bawat buwan, bawat pangatlong buwan o bawat kalahatiang taon.
- Takdang araw ng pagkolekta ng paaralan - Inilalagay sa sobre ang pera, at ipinapadala sa mga mag-aaral.